**MEDIA INTERVIEW IN SAN JOSE, OCCIDENTAL MINDORO**
April 23, 2024

[00:00:00]
**RADYO PILIPINAS LUCENA REPORTER:** Radyo Pilipinas Lucena, Sir. Ano po ang tugon ng pamahalaang nasyonal sa power outages po sa Occidental Mindoro?

**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.:** Sa ngayon ay nagkaproblema nga dahil isang planta bumagsak, alam mo iyon dahil sabay, sunod-sunod iyan, sunod-sunod nag-trip, kung tawagin. Pero dahan-dahan namang bumabalik.

So, ang power supply natin ay sapat naman. Nagkaka-red and yellow lang tayo na alert pero sa kasalukuyan nakikita namin, dahan-dahan bumabalik sa normal na naman iyan. Maaayos na natin iyong mga naging problema, iyong technical problem doon sa mga planta.

At maraming nakikita ko sa news, eh baka mayroon daw nagsabotahe. Pinag-aralan din namin iyan, wala naman.

Talagang mabigat lang talaga ang load. Hindi kinaya ng ano tsaka nagka-technical problem, may piyesa run na kailangan palitan, kayat iyon ang ginagawa ngayon, binabalik ng dahan-dahan.

So far naman, mayroong kaunting, iyong mga iba nag power outage, pero 'pagka-naayos natin ito, 'pagka naayos natin iyong mga nag-trip na power plant at saka mga sub-station, eh babalik na naman tayo sa dati.

Thank you.

**REPORTER:** Magandang hapon po, Mahal na Pangulo.

[00:01:03]

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Good afternoon.

**REPORTER:** Marami po kayong tinitingnang paraan para masiguradong na stable ang supply ng kuryente rito, iyong mag-tap ng mga probinsyang malalakas ang kuryente, solar energy, alin po dito, Mr. President ang pinakamabilis at how soon will it happen?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Ang pinakamabilis solar. Dahil ang solar, wala, basta't kung mayroon kayong solar cell ay pwede nang gamitin kaagad iyon. Kailangan, so iyon talaga ang pinakamabilis.

Pero iyong long-term solution natin diyan hindi lamang ang solar kasama iyong --- solar, iyong wind, iyong hydro, iyong geo --- lahat ng ating makuhanan ng power ay pinag-aaralan natin at pinapatibay natin na sistema.

Pero ang sa Mindoro both Oriental and Occidental, ang long-term solution is iyong submarine cable para makabit na sa grid dahil iyon ang problema dito. Hindi pa nakakabit sa grid.

So, maglalagay na tayo ng submarine cable para dito, specifically sa Mindoro para iyong mga ibang lugar naman na sobra ang kanilang, mayroon silang excess capacity na tinatawag, hindi nagagamit, sayang.

So, 'yun, 'yun ang pwede nating pag lipat-lipat kung saan ang pangangailangan.

**REPORTER:** Hi, Sir, magandang hapon. Sir, kanina you have personally witnessed iyong devastating effect ng El Niño sa mga sakahan. Paano Sir titiyakin ng gobyerno iyong food security sa gitna po ng El Niño?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Well, kung ang pinag-uusapan natin ay bigas, sapat naman ang ating supply. Hindi kailangang mag-alala ang tao. Iyong mga area, sa katotohanan, iyong mga area na may patubig, tumaas pa iyong ating naging ani, iyong tons per hectare natin.

Pero syempre, marami pa. Kagaya rito, siguro mga 50 porsyento lamang ang irrigated, so iyong iba talagang nahihirapan. Dito sa Occidental Mindoro, ang calculation namin, one percent lamang nung mga irrigated lands ang naapektuhan ng El Niño na talagang kailangan ng tulong.

Pero iyong mga naiwan na hindi, na hindi irrigated ay 'yun talaga ang kailangan namin. Kaya ang pinapaspas namin iyong paglagay ng solar pump at saka pati na iyong dam na pinaplano ng NIA at para iyong supply ng tubig ay mapalawak natin iyong irrigable land kasi basta't irrigated kahit na may ganito, kahit na may El Niño pwede pa rin.

Pwede pa rin, tapos marami tayong binigay, marami tayong dinadala na post-harvest facilities para imbes na ginigiling pa iyong palay, malayo pa ang dinadalhan, kung saan-saan pa dinadala kaya dito na gagawin para mayroon sa gastos, mayroon sa malaki ang kikitain ng farmer.

**REPORTER:** Thank you sir.

**REPORTER:** … Dahil naka emergency power supply po kami ngayon, mayroon po bang chance na mas mapabilis po iyong pag-release po ng power supply agreement para makabalik na sa dating…

[00:05:12]

**PRESIDENT MARCOS JR.:** 'Yun ang --- kasi nasa gitna tayo ng negotiations ng ERC tungkol diyan sa presyuhan ng kuryente. 'Pag natapos 'yun, then special case naman kasi talaga ang Mindoro dahil sa power, decades old problem na 'yan e --- kaya't pagka natapos 'yun malaman na namin kung paano iyong pwedeng gawin dito baka makapag bigay ng subsidy --- baka makapag-approve ng subsidy para sa Mindoro provinces.

**MS. JOYCE BALANCIO:** Sir, how do you feel about the sentiments of First Lady Liza Marcos over Vice President Sara Duterte. Will it affect your working relationship with the Vice President? And also, your reaction to suggestions that it's timely that she'd be replaced in the Cabinet?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Why? I don't see the reason behind that. But, well, first of all, my first reaction is 'what a lucky husband I am' that I have a wife na very protective sa akin na kahit na may nakitang hindi magandang sinabi tungkol sa akin ay 'yan talagang she gets very upset. At I guess, we cannot blame her.

It will not affect our working relationship with the Vice President, the Secretary of Education. I think that she, also, as a wife, understands how the First Lady feels when you have to sit there and listen to these attacks that are being made against your husband.

But mag-uusap kami ni VP Sara, kami ni Inday Sara, wala naman, mag-uusap kami tungkol diyan. 'Wag na masyadong dibdibin at iyong hindi naman siya ang nagsabi tungkol sa kung anu-ano. Kaya't madali naman siguro na, madali naman sigurong plantsahin lahat itong naging isyu na ito.

**MS. BALANCIO:** Sir, sa meeting po natin, you will assure the Vice President that she will not be replaced as DepEd Secretary? She will…

**PRESIDENT MARCOS JR.:** I don't need --- she doesn't need my assurance. She knows that, she knows that. Any of the Cabinet Secretaries will be replaced 'pag hindi na nila ginagawa iyong trabaho nila.

All the other things are not part of the discussions, 'pag hindi na kaya, eh nagkasakit sabihin mo na, eh di papalitan ka namin, o hindi talaga marunong o corrupt 'di ba? Tatanggalin ka talaga namin. Eh hindi naman ganun si Inday eh, hindi ganun si Inday Sara. All right?

**REPORTER:** Will you talk to the Vice President to patch things up? Not to…

**PRESIDENT MARCOS JR.:** I don't think we need to patch anything up. I think she understands, as I said, as a wife herself, she understands the sentiments of the First Lady. And our conversation will be, precisely that, kasi you know, I am sure you understand how she feels because she --- alam ninyo, ang First Lady hindi sanay sa pulitika iyan eh.

Kami manhid na kami diyan sa mga insulto na kung ano-ano, personal na insulto, policy, lahat, manhid. Siya, hindi siya galing sa political family kaya't siguro si Liza still has to learn na magpalampas ng kaunti ng mga ibang masasakit at maiinit at maanghang na salita.

Okay. All right, Salamat!
[00:08:55]

BAGONG PILIPINAS

***